



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 HULYO 1997, IKA-9:00 NG UMGA SA BULNAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLO. Ch8
Taong 1997

KAPASYAHANG HUMIHILINO SA LAMAT NG BUS OPERATORS SA SILANGANG MINDORO NA MAGLAGAY NG SIGNBOARD NA TUMUTUKOY SA TAMANG DARAAHAN NG MGA BIYAHENG CALAPAN PIER VIA BONGABONG-SAN RAFAEL-ROXAS, VIA BONGABONG-SAN MARIANO-ROXAS AT VIA BONGABONG-CANTIL-ROXAS.

SAPAGKA'T ang mga signboard na nakalagay sa mga sasakyang pampasa-here ay siyang pinakabatayan ng mga sumasakay ng tama o wastong lugal na dararaan ng mga sasakyan;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan, napakararang mga pampasaherong bus ang bumibiyahang sa rutang Calapan Pier-Roxas subali't pagdating sa Bongabong ay iba-ibang ruta na ang dinararaan tulad ng Bongabong-Cantil-Roxas, Bongabong-San Mariano-Roxas at Bongabong-San Rafael-Roxas;

SAPAGKA'T dahil sa walang tiyak na direksiyong lulusutan ng mga pampasaherong bus sa rutang Calapan Pier-Roxas dumami ang reklamo ng mga nananayang nalalayo sa kanilang tahanan o patutunguhan dahil sa iba ang rutang dinaraan ng sasakyan na taliwas sa inaasahan at sa ganito ay kinakailangan pang sumakay ng diyap o traysekel at mangahulugan ng dagdag na panasahe sa mga apiktadong nananayan;

SAPAGKA'T ang bagay na ito ay natagal nang panahong nangyayari sa naging dahil sa paghahain ng reklamo sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Region IV upang magibyang kalutasan ng mga kinaukulang ahensya ng pamahalaan;

SAPAGKA'T sa bagay na ito ay malaki ang bahaging ginaganapan ng mga maygari ng pampasaherong bus, mga drayber at mga kon-doktor na dahil sa ang pangunahing layunin ay serbiyo sa tao, nagiging napakalaking tulong at paglilingkod sa

tohanan

[Handwritten signature]

nga nananayan ang paglalagay ng signboard sa tamang ruta ng daanan patungong Roxas, liliit o bababa ang pasahang sa maikling ruta, hindi malalayo sa tamang lugal na patutunghan at maiwasan ang mga reklamo at hindi pagkakaunawaan ng mga sumasakay at mga maghigay ng serbisyo;

SAPAGKA'T dahil sa mga irihang reklamo sa Sangguniang Ito, ipinasya ng kapulungan na ipaabot sa mga bus operators sa Silangang Mindoro sa mga biyaheng Calapan Pier-Roxas ang kahilingang maglagay ng signboard na tutukoy sa tamang daanan ng mga biyaheng: Calapan Pier via Bongabong-San Rafael-Roxas, via Bongabong-San Mariano-Roxas at via Bongabong-Cantil-Roxas.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinangayuran ni Kagawad Angeles D. Bautista -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa lahat ng bus operators sa Silangang Mindoro na maglagay ng signboard na tutukoy sa tamang daanan ng mga biyaheng: Calapan Pier via Bongabong-San Rafael-Roxas, via Bongabong-San Mariano-Roxas at via Bongabong-Cantil-Roxas bilang isang magandang serbisyo sa ating mga nananayan.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang lahat ng bus operators sa mga sasakyang may rutang Calapan Pier-Roxas para sa kanilang kaalaman at kinakailangang kooperasyon at pagbibigay-pansin sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. Policarpio D. Boongaling, ITRB Regional Director, Lipa City, mga bus dispatchers sa bayang ito at ang PNP ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: 14 Hulyo 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:

T. F. Faina
TERFILA F. FAINA
Records Officer I
Acting Secretary to the SB

PINATITIBAYAN:

[Signature]
JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Pinong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

Received: *[Signature]*
8/1/97

[Signature]
GERACIO I. YASON
Pinong Bayan